# Pira-piraso

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Oktubre 2, 2021

Ang pira-piraso ay mga pinagputulan o mga tira-tira. Ano ang ginagawa natin sa ating mga tira-tirang pagkain mula sa restoran? Inuuwi natin upang kaining muli. Pero madalas itinatapon na lamang. Nakahihinayang dahil napakaraming tao ang naghihirap at walang makain. Ayaw ng Diyos na mag-imbak tayo ng pagkain. Sa halip, gusto Niyang mag-ipon tayo ng pagkain para lamang sa isang araw; dagdag pa nito, mahalaga sa Kanya na walang nasasayang."Pulutin ninyo ang mga pinagputol-putol na lumabis upang walang masayang"(Jn.6:12). Sa araw na ito, kailangan nating malamang gusto ng Diyos na umasa tayo sa Kanya ng **pangaraw-araw** nating pangangailangan.

**1. Tiniyak ng Diyos na ibibigay Niya ang lahat nating kailangan.**

**1.1.** Ang mana na mula sa langit ay hindi kailangang itabi para sa kinabukasan (Ex.16:19-20).

**1.2.** Ang biyaya ng Diyos ay higit pa sa ating pangangailangan. "Iginawad sa akin ng Diyos ang Kanyang masaganang pagpapala" (1 Tim.1:14).

**1.3.** Ipinagkakaloob Niya ang higit kaysa sa lahat ng maaari nating hilingin at isipin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin (Eph. 3:20).

**1.4.** Dagdag pa nito, "magagawa ng Diyos na pasaganain ang lahat ng bagay - higit pa sa inyong pangangailangan - upang may magamit kayo sa pagkakawanggawa" (2Cor.9:8).

**2. Hindi tayo tinutukso ng Diyos; ngunit hinahayaan Niya tayong matukso upang masubok ang ating pananampalataya at pagsunod.**

**2.1** Sa pagpapakain ng 5000, sinabihan ni Jesus si Philip na maghanap ng tinapay upang makakain ang mga tao. Sinabi Niya ito para subukan si Philip. Nakita ni Philip na imposible ang ganitong sitwasyon.

**2.2.** Hindi tayo pinapayagan ng Diyos na masubukan kung hindi natin kaya; gusto Niya tayong makapasa sa pagsusulit, dahil Siya ang gagawa ng paraan paano natin ito malalampasan (1Cor.10:13).

**2.3.** Natukso tayo, naakit tayo sa mga ipinakita ni Satanas. Nagkakasala lamang tayo kung tayo ay nagpapatangay (1 Pt.5:8).

**3. Ang Diyos ay humaharap sa mga imposible.**

**3.1.** Mula sa wala, tira-tira na galing sa ating *budget*, ang Diyos ay nagkakaloob at nagpaparami. Kung sa ating kakayahan, wala tayong magagawa; ngunit sa Diyos walang imposible (Lk.1:37). Ang lahat ng ito'y magagawa dahil sa kaloob ni Kristo (Phil.4:13).

**4. Ang pananampalataya ay nagdadala ng masaganang pagpapala**.

**4.1.** Ang tunay na pananampalataya ay bahagi ng solusyon. Tayo ay bahagi ng solusyon. Hayaang basbasan ng Diyos kung anong mayroon tayo.

**4.2.** Binibiyayaan tayo ng Diyos kung tayo'y sumusunod.

**4.3.** Hindi lahat ng gusto natin ay ibibigay ng minsanan. Ang pagpaparami ng tinapay at isda ay nagawa nang pira-piraso, kung saan kinakailangan (Jn.6:5-13). Walang lumaki kung hindi dumaan sa maliit, mga bagay na walang halaga.

**4.4.** Mapupunuan ng Diyos ang bawat pangangailangan natin - hindi lamang sa materyal kundi pati sa espiritwal at emosyonal. Gusto Niyang ituon natin ang ating personal na relasyon sa Kanya, kasama ng ating pamilya at ng ating pamayanan.

**4.5.** Inuuna ng Diyos ang mga nagugutom. Hindi nais ng Diyos na may mapahamak (2Pt.3:9). Ang mundo natin ay maraming kabataang maaaring makinabang.

**Konklusyon:**

Ang maliit ay dumarami kapag pinagsama-sama. Kung ibibigay lamang natin ang ating maliliit, sa pamamagitan ng pagtitipon ng lahat ng pira-piraso, walang maiiwan. Magdasal tayo na magkaroon ng masayahin, at mapagbigay na puso na ikinalulugod ng Diyos.

**Pagninilay:**

1. Ano ang mayroon ka na takot mong ibahagi?
2. Ano ang pumipigil sa iyo sa pagbibigay at pagbabahagi?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananampalataya#Pagsunod #Pagpapala